BAHAGI NG KATITIKAN NG IKA-PITO (7) PANGKARANIWANG PULONG NG IKA-10TH SANGGUNIANG BAYAN NA IDINAOS NUONG IKA-25 NG AGOSTO 2016 NA GINANAP SA BULWAGANG KAPULUNGAN NG GUSALING PAMBAYAN NG TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL

DUMALO:

Kgg. Carlito G. Gonzaga	-	Tagapamatnugot/Pang.Punong Bayan
Kgg. Jan Victor B. Cabitac	-	Konsehal
Kgg. Sophia Priscilla L. Cabral	-	"
Kgg. Sharon DL. Macabebe	-	"
Kgg. Archie L. Calderon	-	"
Kgg. Michell B. Bermundo	-	"
Kgg. Ceferino R. Resurreccion,Jr.	-	"
Kgg. Philip Jeison J. Cruz	-	"
Kgg. Ma. Jeca B. Villanueva	-	"

DI-DUMALO:

Kgg. Joseph Z. Valera	-	Pangulo LnB

- - - -

SAPAGKAT, Sa maraming pagkakataon siya ay nagpamalas ng magandang halimbawa sa kanyang mga kasama bilang matulungin sa kapwa at tapat na alagad ng batas, gayundin ang pagtataguyod sa mabuting paglilingkuran para sa kabutihan ng nakararami;

SAPAGKAT, Inilaan niya ang kanyang buhay sa kasagsagan ng pagtupad ng kanyang tungkulin at responsibilidad sa pagtugon at pakikiisa sa programa ng ating Presidente Rodrigo Roa Duterte;

PINAGPASYAHAN, na bilang isang taga Taytayeños na nanunungkulan na may mataas na antas ng posisyon sa ating kapulisan ay marapat lang sa pamamagitan ng ating Pamahalaang Bayan na mabigyan ang kanyang Pamilya ng "Medal of Honor" bilang Sagisag ng Katapatan at Katapangan kanyang ipinamalas sa panahon ng panunungkulan.

LUBUSANG PINAGPASYAHAN, kagaya ng lubusang pagkakapasiya ang pagpapaabot ng taos pusong pagbati at pagkilala sa kabayanihang ipinakita ni PSI Mark Gil S. Garcia sa matapat at matapang na pagtupad sa kanyang tungkulin bilang magiting na alagad ng batas sa Lalawigan ng Rizal gayundin ang pakikiramay sa kanyang mga naiwan pamilya at kaanak.

PINAGPASYAHAN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran;

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayong ika-25 ng Agosto taong 2016 sa bulwagan ng Sangguniang Bayan ng Taytay, Lalawigan ng Rizal;

- - - -